# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 3*
# *Ang Diwa ng Tao*

***"At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)***

Ayon sa ***1 Tesalonica 5:23,*** ang ikatlong sangkap ng tao ay 'diwa'. Ang Salitang 'diwa' ay inulit nang higit sa 500 sa Banal na Kasulatan. Ang Espiritu ay iba mula sa kaluluwa. Ang diwa ay isang bagay na kaugnay sa hindi nakikita at hindi nakikitang sanglibutan. Napagaralan natin sa Lumang Tipan ang salitang 'Ruwach' na ginamit para sa 'diwa'. Ngayon pagdadaanan natin ang Bagong Tipan at pag aralan ang Banal na Kasulatan na naglalaman ng Salitang 'diwa'.

Ang Griyegong Salira para sa 'diwa' ay 'Pneuma' at ito ay may sumusunod na kahulugan:

1. Ang ikatlong persona ng Dios, ang Banal na Espiritu, na pantay, at walang hanggang kasama ng Ama at ng Anak
2. Ang diwa ang mahalagang pangunahin kung saan ang katawan ay masigla, aktibo, dinamiko, o ang pagkatao o panghihikayat na pumupuno at namamahala sa kaluluwan ng sinuman.
3. Ang normal na diwa, ang kapangyarihan kung saan ang ang tao ay nakadarama, nag iisip, nagpapasya o ang kaluluwa.
4. Ang isang diwa ay wala sa lahat, at nagtataglay ng kapangyarihan ng pagka-alam, pagnanais, pagpapasya, at pagkilos. Kabilang dito ang:
a. isang buhay na nagbibigay ng diwa.
b. Ang kaluluwa ng tao ay iiwan ang katawan.
c. ang espiritu ay mas mataas kaysa tao ngunit mas mababa kaysa sa Dios, ibig sabihin, isang anghel o mga anghel.
d. mga demonyo o masamang espiritu.
e. ang mabisang mapagkukunan ng anumang kapangyarihan, pagmamahal, damdamin, pagnanais, atbp.
5. Ang pagkilos ng hangin, o ng hininga ng ilong o ng bibig.

***"Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:3 KJV)*** Ang mga mapagkumbaba sa harapan ng Dios ang kanilang diwa ay mababa sa harapan ng Espiritu ng Dios at nagpapasakop sa Dios. Kaya, mapapasa kanila ang Kaharian ng Dios.

***"Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo." (Mateo 4:1 KJV)*** Inihatid si Jesus ng Espiritu ng Dios sa ilang. Ang ating diwa ay dapat tumugon at magpakumbaba upang mapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ***"Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios." (Roma 8:14 KJV)*** At kapag binigyan daan natin ang Banal na Espiritu upang mamuno sa ating diwa sa gayon ang mensahe ay lalabas mula sa atin, ***"At hindi sila makalaban sa karunungan at sa Espiritu na kaniyang ipinangungusap." (Mga Gawa 10:20 KJV)*** Hindi malabanan ng mga Judio si Esteban na may espiritu na kanyang sinasabi. ***"At hindi sila makalaban sa karunungan at sa Espiritu na kaniyang ipinangungusap." (Mga Gawa 6:10)*** Habang tayo'y napupuspos ng Banal na Espiritu, sa gayon ang mga espirituwal na mga kaloob ay makikita sa ating buhay, ***"Narito, ang lingkod ko na aking hinirang; At minamahal ko na kinalulugdan ng aking kaluluwa: Isasakaniya ko ang aking Espiritu, At ihahayag niya ang paghuhukom sa mga Gentil." (Mateo 12:18 KJV)*** Ito ang propesiya tungkol kay Jesus, at magiging angkop din para sa atin na ilapat sa ating buhay. Kaya, kailangan nating mapagbantay at gising hindi upang apiin ang Espirtu na nasa pamamagitan ng ating laman, sa ating pagnanasa at kamunduhan. Si Jesus ay nagbabala tungkol doon, ***"Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman." (Mateo 26:41 KJV)***

Sa Bagon Tipan mababasa natin ang tungkol sa masamang espiritu ng mga demonyo, na nagdudulot ng iba't ibang mga karamdaman, ***"At nang kinahapunan, ay dinala nila sa kaniya ang maraming inaalihan ng demonio: at pinalayas niya sa isang salita ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng mga may sakit." (Mateo 8:16 KJV)*** Pinapalayas natin ang lahat ng masamang espiritung ito sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa pangalan ni Jesus, ***"Nguni't kung sa pamamagitan ng daliri ng Dios ay nagpapalabas ako ng mga demonio, dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios." (Lucas 11:20 KJV)*** Ang daliri ng Dios ay ang Banal na Espiritu na tinanggihan ng mga Judio, kaya sinabi sa kanila ni Jesus, ***"Nguni't kung sa pamamagitan ng***

***daliri ng Dios ay nagpapalabas ako ng mga demonio, dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios." (Lucas 11:20 KJV)***

***"5 Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. 6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. 8 Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu." (Juan 3:5-6, 8 KJV)*** Upang maipanganak na muli ay ipanganak sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios. Kapag tayo'y naipanganak na muli ang Banal na Espiritu ng Dios ay lililim sa ating espiritu, sa espiritu ng tao. Nais ng Dios na sambahin Siya at paglingkuran Siya sa espiritu at katotohanan, ***"23 Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. 24 Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan." (Juan 4:23-24 KJV)*** Pinapakain natin ang ating espiritu ng Salita ng Dios, ***"Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay." (Juan 6:63 KJV)***

Sa aklat ng mga Gawa mayroong higit tungkol sa Banal na Espiritu at ang Kanyang gawa sa buhay ng simbahan, Sa aklat ng mga Taga Roma sinulat ni Pablo ang sumusunod: ***"Sapagka't ang Dios ang aking saksi, na siyang pinaglilingkuran ko sa aking espiritu sa evangelio ng kaniyang Anak, na walang patid na aking kayong binabanggit, sa aking mga panalangin," (Roma 1:9)*** Naglingkod si Pablo sa Dios kasama ng kanyang espiritu, pawang sa epiritu, ***"Datapuwa't ngayon tayo'y nangaligtas sa kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong espiritu, at hindi sa karatihan ng sulat." (Roma 7:6 KJV)*** na ang espiritu ng tao ay pinalitan, pinipigilan, hindi napapanahon ng Espiritu ng Dios. Dahil dyan nagkaroon tayo ng espirituwal na pagiisip upang maiba tayo mula sa pagiging makamundong (laman) na pagiisip,

***"5 Sapagka't ang mga ayon sa laman ay nangagsisitalima sa mga bagay ng laman; datapuwa't ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga bagay ng Espiritu.6 Sapagka't ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwa't ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan." (Roma 8:5-6 KJV)*** Ang pagkakaroon ng Espiritu ng Dios sa loob natin, na humalili sa espiritu ng tao, ay gagawin tayong karapat-dapat para sa sumusunod:

***1. Upang magkaroon ng katubusan ng ating mga katawan kapag si Jesus ay dumating: "22 At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan." (Roma 8:22-23 KJV)*** Hanggang matupad iyon tayo'y nasa paghihinagpis at sakit. Ang Espiritu ng Dios ay tutulong sa atin na tiisin habang tayo'y naghihintay para doon. Araw-araw tayong gumigising, nauuna sa atin ang mga pananagutan na dapat nating gawin at mga pasanin na dapat dalhin. Tutulungan tayo ng Espiritu ng Dios na gawin iyon. Bilang ipinanganak tayong muli, mayroon tayong Espiritu ng Dios upang alalayan ang ating espiritu, at kailangan nating harapin ang buhay kasama ng Espiritu ng Dios at hindi ng ating laman. *Tayo sa ilang pagkakataon nakakalimutan na sumasa atin ang Espiritu ng Dios at simulang pamahalaan tayo ng laman. Iyon ang karaniwang pagkahulog, Kaya kailangan nating palaging alalahanin na gawin at pamahalaan ng Espiritu ng Dios.* Kailangan nating pakainin ang ating diwa ng espiritu ng Dios at iyon ay magagawa natin sa pamamagitan ng pagbabasa araw araw ng Bibliya, pananalangin at pagninilay sa Salita ng Dios upang pakainin ang ating espiritu at panauling muli ito upang manatili.

***2. Binibigyan tayo ng mga pribilehiyo na manalangin ayon sa kaisipan ng Dios gaya ng tinanggap natin sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios na nagsasabi sa atin kung anong nasa isipan ng Dios: "26 At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; 27 At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios." (Roma 8:26-27 KJV)***
Ang ating katawan at kaluluwa ay mahina at hindi kayang kupkupin ang nangyayari sa paligid natin at ang mga bagay na darating. Ngunit ang espiritu na nasa atin ay kapareho ng Espiritu ng Dios sa gayon ay matatanggap natin kung anong nasa isipan ng Dios ng mga pagpapahayag at mga plano habang tayo'y nanalangin. *Ang Espiritu ng Dios sa pananalangin ay naghihikayat sa atin at tumutulong sa atin na itatag ang ating pananampalataya at ang ating pagtitiwala sa Dios, at magawang mapagtagumpayan anga mga pagdurusa na pinagdadaanan natin,* ***"Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng***

***kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.” (2 Timoteo 1:7 KJV)*** Habang tayo’y nanalangin napapagtagumpayan natin at magkakaroon tayo ng kapangyarihan at ng tagumpay bilang ang Espiritu ng Dios ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan, nagbibigay sa atin ng pagibig na magpatawad at mapagtagumpayan ang ating hangganan sa ating mga pakikipag ugnayan sa iba. Bukod pa rito ay binibigyan tayo ng Espiritu ng matinong pag iisip na magkakaroon tayo ng matuwid at angkop na mga pag iisip na naaayon sa kung ano ang nasa isip ng Dios. Kapag umaasa tayo sa ating laman matatanggap natin ang takot mula sa epiritu ng sanglibutan. Ngunit kapag nagbabasa tayo ng Salita ng Dios at manalangin natatanggap natin ang Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng kapangyarihan, pagibig, at ang tamang pagiisip na makita ang mga bagay na naayon sa kalooban ng Dios.

Salungat sa Espiritu ng Dios na nagaganap sa panibagong espiritu ng tao, naroon ang espiritu ng kamalian, ang anticristo at ang kasinungalingan, at ang mga ito ay matatanggap natin kapag tayo ay kumikilos sa pamamagitan ng ating laman. Kaya naman kapag ang buhay ay pinamahalaan ng gawain ng laman at kapag pinapakain natin ang ating espiritu ng mga makamundong palabas sa TV, Facebook, You tube, atbp., inaanyayahan natin ang mga anticritong ito sa ating buhay.

***“1 Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilita na mga bulaang propeta sa sanglibutan. 2 Dito'y nakikilala ninyo ang Espiritu ng Dios: ang bawa't espiritung nagpapahayag na si Jesucristo ay naparitong nasa laman ay sa Dios: 3 At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na. 4 Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan. 5 Sila'y sa sanglibutan: kaya't tungkol sa sanglibutan ang sinasalita nila, at sila'y dinidinig ng sanglibutan. 6 Tayo nga'y sa Dios: ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Dios ay hindi dumirinig sa atin. Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian.” (Juan 4:1-6 KJV)***

Sa talata 1, ***“1 Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan.” (1 Juan 4:2-3 KJV)*** Tayo ay tinawag upang kilalanin kung anong uri ng espiritu ang ating hinaharap. Mayroon nang mga bulaang propeta na nagkalat sa sanglibutan, at tungkol doon, ang panlilinlang ng masama sa espiritu ay laganap. Kailangang tanungin natin ang ating sarili: Hinaharap ba natin kasama ang Espiritu ng Dios, o hinaharap natin kasama ng espiritu ng mga bulaang mga propeta, na nagliligaw sa atin sa mga plano at saloobin na hindi nagmula sa Dios. Sa mga talata 2-3, ***“2 Dito'y nakikilala ninyo ang Espiritu ng Dios: ang bawa't espiritung nagpapahayag na si Jesucristo ay naparitong nasa laman ay sa Dios: 3 At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na.” (1 Juan 4:2-3 KJV)*** Ibinigay ni Apostol Pablo sa Kanyang simbahan ang paraan kung paanong nila makikita ang kaibahan sa pagitan nila, batay sa mga sumusunod: Kung ang espiritu ay nagpapahayag na si JesuCristo ay dumating sa laman ito ay mula sa Dios. Ngunit kung ang espiritu ay nagpahayag na si JesuCristo ay hindi dumating sa pamamagitan ng laman, ito ay hindi mula sa Dios. Ibinigay sa kanila ni Apostol Pablo ang balangkas upang makilala ang kaibahan sa pagitan ng espiritu batay sa katotohanan na dinala niya mula sa Banal na Kasulatan; na si Jesus ay ipinanganak sa pamamagitan ng laman. Kahit sa ngayon makakaya nating makita ang kaibahan sa pagitan ng Espiritu ng Dios at sa espiritu ng sanglibutan batay sa Banal na Kasulatan, na binabasa natin araw, araw, pinagbubulayan at natatanggap mula sa Banal na Espiritu ng Dios. Ang espiritu na sumasalungat sa Banal na Kasulatan ay ang espiritu ng anticristo. Sa talata 3, ***“3 At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na.” (1 Juan 4:2-3 KJV)*** Ang espiritu ng anticristo ay tiyak na darating dahil itoy pinalaya na sa sanglibutan. Kaya naman ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay nagbibigay sa atin ng pagkilala upang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng espiritu gaya ng ating mababasa rito, ***“at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika.” (1 Corinto 12:10 KJV)*** Ang Espiritu ng Dios na nasa sa atin ay mas dakila kaysa nasa sanglibutan, at kaya namn mapagtatagumpayan natin kahit na tayo;y mumunting mga bata gaya ng mababasa natin:***“4 Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan.” (1 Juan 4:4 KJV)*** Matapos natin simulang umasa sa Espiritu ng Dios, na kumikilos sa ating espiritu, ang espiritu ng tao, na harapin ang pangyayari sa buhay magagawa nating makilala at sundin ang Espiritu ng Dios at sumabay sa daan na pinapangunahan tayo ng Dios. Makikita rin natin ang espiritu ng anticristo at kamalian na samasalungat sa Espiritu ng Dios, Sila’y mula sa sanglibutan at kaya naman maririnig ng makamundong mga tao ang kanilang makamundong mga payo at plano, ***“5 Sila'y sa sanglibutan: kaya't tungkol sa sanglibutan ang sinasalita nila, at sila'y dinidinig ng sanglibutan. 6 Tayo nga'y sa Dios: ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Dios ay hindi dumirinig***

***sa atin. Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian." (1 Juan 4:5-6 KJV)*** Habang tayo ay nagmula sa Dios, sa gayon ang mga nakakilala sa Dios ay naririnig tayo, ngunit ang mga hindi kilala ang Dios, hindi nila tayo naririnig, at sa ganitong paraan makikita natin ang pagkakaiba sa pagitan ng espiritu ng katotohanan at ang espiritu ng kamalian. Pagkatapos nating makita ang kaibahan sa mga ito huwag dapat nating pahintulutan ang ating laman na malason sa espiritu ng kamalian. Dapat tayong manindigan at matatag na huwag sundin ang espiritu ng kamalian o anticristo. Hindi dapat din nating pahintulutan sila na takutin tayo. Magagawa nating maayos kung mananatili tayong nakatutok sa ating Bibliya, sa pagbabasa, sa pagninilay at pananalangin sa Kanyang paanan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Hinahamon tayo ngayon na bigyang daan ang espiritu ng Dios sa ating buhay. Hayaan nating baguhin Niya tayo upang ating makita, marinig at matanggap ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios para sa atin. Hinahamon tayong lumago at maging ganap upang matanggap natin ang mabubuting bagay na itinakda ng Dios sa harapan ng sanglibutan para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa ating sariling mga pakinabang. Lubusan nating talikuran ang mga kasalanan, kamunduhan at ang ating makasariling mga ambisyon at baguhin ang ating mga landas na nagnanais sa buhay ng espiritu, habang tayo'y mananalangin sa Dios.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagbigay sa akin ng kaunawaan at karunungan.*

*Ating ipahayag at talikdan ang ating mga kasalanan. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa aking mga kasalanan ________________.*
*Talikuran ang iyong kamunduhan, ang gawain ng laman at ang lahat ng iyong mga ambisyon at ang iyong makamundong mga plano.*

*Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at kalooban sa iyo. Panginoon ipinapakumbaba ko ang aking sarili sa harapan mo. Panginoon hayaan ang iyong Banal na Espiritu ay mamuno sa aking espiritu, Panginoon kunin mo ako at hawakan mo ang buong buhay ko, handa akong sumunod sa iyong mga daan at sa iyong mabubuting plano para sa akin. Panginoon pangunahan ako ng iyong Banal na Epsiritu na gawin ang mismong bagay na nais mong gawin ko. Panginoon handa akong makipagtulungan sa iyo at pahintulutan ang higit na bunga ng Banal na Espiritu na makita sa aking buhay; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kaamuhan, pagtitiis mahabang pagdurusa, pagpipigil sa sarili, pagkabukas-palad, pagpapakumbaba at katuwiran. Panginoon puspusin ako muli ng Banal na Espiritu at bigyan ako ng espirituwal na mga kaloob na kailangan ko sa aking buhay upang paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na lumapit sa iyo. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila sa kanilang buhay upang pumaroon at paglingkuran ka. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming pumaroon at mag evangelio abutin ang mga tao at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com